# Kwentong Kasama

ILOCOS - CORDILLERA REGION



INILATHALALATA SA PATNUBAY NG
PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
2023




**Inihahandog ng mga Kasama sa rehiyon ng Ilocos-Cordillera para sa paggunita sa unang taon ng pagmartir ni Kasamang Jose Maria Sison at sa pagpupugay sa ika-55 na taong anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas.**

# NILALAMAN


Paunang Salita

Pahina 6-7

Sa Bawat Bituin Ay May Tunggalian
(Kwento ni Ka Toto)

Pahina 8-10

Lulan ng Eroplano
(Kwento ni Ka Malem)

Pahina 11-14

Ang Lugar ng Babae ay sa Rebolusyon
(Kwento ni Ka Hinata)

Pahina 15-18

Maagang Namulat (Kwento ni Ka Dong)

Pahina 19-21

Ang kalayaan ay hindi lang pinapangarap at ipinagdarasal
(Kwento ni Ka Rina)

Pahina 22-25

Para pa rin sa Rebolusyon
(Kwento ni Ka Dean)
Pahina 26-28

Muling Pagbangon
(Kwento ni Ka Ritmo)
Pahina 29-32

Hindi hadlang ang taon at pagiging ina
(Kwento ni Ka Flora)
Pahina 33-35

Mabuting Halimbawa
(Kwento ni Ka Bombo)
Pahina 36-37

Ang pagpapanibagong-hubog ay habambuhay
(Kwento ni Ka Indo)
Pahina 38-41

# PAUNANG SALITA

## Iisang Pangarap ...

Ano ang gusto mong maging?

Sino nga ba ang hindi nakaharap ang tanong na ito mula pagkabata? Sino ba ang hindi isinagot ang abogado, inhinyero, doktor, guro, negosyante, CEO, pulis, sundalo, pulitiko, o pangulo? Sino ba ang hindi napaisip sa mapapakasalang kabiyak, mabubuong pamilya, maipapatayong bahay, o maipagkakaloob na pamana?

Sa ating lipunan, karaniwan na ang mga ganitong pangarap. Ligtas at mapayapang buhay. Mapagmahal na pamilya. Istableng trabaho. Kayamanan. Karangalan. Ngunit dahil sa kabulukan ng lipunan, iilan lang ang tunay na nakakamit ang kanilang mga pangarap. Ang karamihan, patuloy na lugmok sa kahirapan, patuloy na nangangarap lamang.

Taliwas sa karamihan, ang ilan sa atin ay nakita ang katuparan ng pangarap nila—at ng lahat—sa ilalim ng rebolusyonaryong kilusan. Sino ba ang nangarap na maging rebolusyonaryo o Hukbo? Sino ba ang nangarap na talikuran ang buhay ng ginhawa, iwanan ang pamilya, at sumuong sa walang-kapantay na sakripisyo? Ang mga kasama, ang mga di-pangkaraniwan, ang mga nangangarap para sa bayan at kumikilos para sa tunay at matagalang katuparan nito.

Narito ang mga kwento nila—ang mga Hukbong tinahak ang mas mahirap na landas ng armadong pakikibaka tungo sa katuparan ng mga pangarap. Mamulat ka man sa kahirapan sa murang edad at maagang tumangan ng gawain katulad ni Ka Dong, hindi madaling panindigan ang ultimong sakripisyo. Hinihingi nito ang ubos-lakas at buong-panahong komitment,

katulad ng natatanging halimbawa ni Ka Bombo. Sa huli't huli, mahalaga ang gabay ng Partido at ang pagkapit sa wastong linya, katulad ng pasya nina Ka Ritmo o Ka Dean.

Iba-iba man ang pinanggalingang uri, edad, lahi, lugar, kasarian, relihiyon, at trabaho, ang mga Hukbo ay binubuklod ng iisang pangarap. Ang pagtaguyod sa karapatan ng mga kababaihan at manggagawa, katulad ng pangarap ni Ka Hinata, o sa kagalingan ng bawat pamilya, katulad ng pangarap ni Ka Malem, ay mahigpit na nakaugnay sa pakikibaka ng masang api. Relihiyoso man katulad ni Ka Rina, syentista katulad ni Ka Toto, dating lumpen katulad ni Ka Indo, o ina katulad ni Ka Flora, natitipon tayong lahat sa paghahangad ng mas masagana, maunlad, malaya at mapayapang pamumuhay—sa landas ng rebolusyon.

Kanya-kanya man tayo ng mga pangarap para sa sarili, palaging kadikit, nakapaloob, at nakapailalim ang mga ito sa pangkalahatang layunin ng digmang bayan: ***ang pagkamit sa tunay na kalayaan, katarungan at kapayapaan.***

# Sa Bawat Bituin Ay May Tunggalian

## Kwento ni Ka Toto

Habang naglalakad kami sa gitna ng isang gabi, naisipan naming magpahinga sa isang malawak na damuhan kung saan kita ang kalawakang puno ng mga bituin. Bagama't madilim ang kalangitan, nagliliwanag ang mga maningning na bituin dito. Bumalik sa aking alaala ang mga eksena sa loob ng laboratoryo noon.

"Bago mo ipihit ang buton sa pagdaloy ng *electron*, kailangang paabutin ang tamang temperatura ng helium. Maging maingat ka. Doon mo tamang-tamang maobserbahan ang mga katangian ng *plasma.*"

Pagkatapos nito, pinag-usapan na namin ang mga obserbasyon namin at iniugnay ang mga ito sa teorya ng pag-iral ng mga bituin—kung paano nabubuo ang mga ito. Sa bawat bituin ay may tunggalian, may nagwawasak, at may nagbubuklod na katangian. Ang mga ito ay natutunan ko lamang sa mas malaki at malawak na laboratoryo ng lipunan.



**Laki sa hirap**

Ako si Ka Toto, pinagmamalaking anak ng mga manggagawa. Dahil sa kahirapan, lumaki akong palipat-lipat ng tirahan. Napilitan kaming lumipat sa syudad dahil walang lupang sakahan ang aking mga magulang. Bata pa lang ako, kalong-kalong na ako ng aking nanay sa pagawaan. Nang ma-demolish ang tinitirhan naming iskwater, sinimulan kong tumulong sa trabaho.

Pagtungtong ko sa elementarya, naranasan ko na ang palitan ng buhay-eskwela at buhay-trabaho. Madaling araw pa lang, magluluto na kaming magkakapatid ng ibebentang kakanin. Pagkatapos ng klase, pupunta ako sa pagawaan bilang tagakulay ng rattan sa bayad na kinse pesos kada oras. Kung hindi pa nauubos, susugod ako sa lansangan at eskinita at sisigaw: "Basahan! Polvoron! Biko! Maja blanca!". Pag-uwi sa bahay, kahit hapong-hapo na ako, kailangan kong mag-review at gumawa ng assignment. Sa pagbibinata ko, kinailangan kong maghanap ng trabahong mas malaki ang kita, dahil natanggal sa regular na trabaho ang aking ina at bumaba ang sweldo ng aking ama. Kaya pumasok ako sa recycling ng plastik at bote—isang gabihang shift.

**Mag-aaral ng buhay at lipunan**

Akala ko, hindi na ako makakapasok ng kolehiyo. Buti na lang at nakakuha ako ng scholarship grant. Sa unang buwan ko pa lang sa kolehiyo, naorganisa na ako sa Kabataang Makabayan–Demokratiko a Tignayan dagiti Agtutubo iti Kordilyera o KM–DATAKO.

Paglabas sa silid-aralan, nagtungo ako sa isang mas malawak na laboratoryo: sa lunsaran ng piket. Dito, nagkukumustahan ang mga kasama hinggil sa daloy ng mga panawagang katulad ng "Labanan ang komersyalisasyon" o "Ipagtanggol ang kalikasan".

Sa panahon ding ito, wala na rin akong permanenteng tinutuluyan dahil sa lawak ng teritoryong kinikilusan, naatasang pamunuan at panggigipit ng kaaway. Sa tulong ng mga kasama, natustusan ang mga pangangailangan ko sa pagkain at tirahan.

Sa loob ng kilusan, marami akong natutunang mga bagay na hindi itinuturo ng lipunan o ng eskwelahan. Naunawaan ko ang mga pyudal na kaugalian ng pamilya pero dapat salungatin ito. Dapat magsabi ng saloobin at lumaban. Napagtanto kong hindi pala swertehan ang buhay; bagkus, tayo ang bubuo ng ating kapalaran.

Lalo rin akong napabilib sa uring pinanggalingan ng aking mga magulang. Ang mga manggagawa at magsasaka ay ang nagpapaandar sa industriya at nag-eeksperimento sa kalikasan. Sila ang nagtataguyod sa mga yamang pinagmumulan ng mga kasangkapan sa pag-unlad ng syensya at teknolohiya. Sa kabila nito, ang mga anak nila ay hindi nabibigyan ng pagkakataong makapag-aral.

Totoo ngang walang tunay na magbabago hangga't hindi nababago ang sistema. Kaya buong-puso akong kumilos sa mottong, "Mahalin ang masa, at maging tapat sa Partido", hanggang sa naabot ko ang pagpapasyang sundan ang panawagan ng Partido: ang sumapi sa hukbong bayan.

**Laboratoryo ng tunay na pagbabago**

May nagtanong nga sa akin noon. Hindi mo ba gustong makapag-ambag sa syensya? Nagkamali sila ng tanong; ang syensya ay umuunlad sa bawat panahon dahil sa pagtutulungan ng lipunan. Sa huli, rebolusyon lamang ang may kakayahang pagtagpi-tagpiin ang bawat pagpupunyagi ng mga tao sa isang lipunan. Ito ang syensya ng pagbabago.


Syentista pa rin naman ako, ngunit sa mas malawak na laboratoryo nga lang. Tungkulin ng isang syentista ng bayan ang ituro sa mamamayan ang mga tunay na pag-iral sa kalikasan upang maarmasan sila laban sa pagsasamantala ng mga naghaharing uri.

Sa kanayunan, ang aking laboratoryo ay pinalawak ng mga bulubundukin at pinahaba ng mga ilog at batis nito. Ang iba't ibang wika at kaugalian ng masa naman ay hindi naging balakid; bagkus, ang mga ito ay hamon upang magpaunlad at makapaglingkod sa bayan. Sa loob ng Hukbo, iba't ibang tungkulin ang ginampanan ko: sa ideolohiya, pulitika, militar, at organisasyon. Sa halip na matakot na sumubok at magkamali, buong-sigla akong kumilos—katulad sa loob ng laboratoryo, "trial and error". Kung magkamali man, nariyan ang sandata ng punahan at pagtutuwid.

Masalimuot man ang daan patungo sa ating destinasyon—katulad ng paglalakad namin noong gabing iyon—nagpapatuloy ako sa Hukbo. Gumagabay naman sa amin ang liwanag ng mga bituin. Ganoon din ang rebolusyon: tiyak na mararating natin ang tagumpay, sa kabila ng kahit anong kahirapan. Maiwawaksi natin ang mga pag-aalinlangan at mapapangibabawan ang mga tunggalian sa tulong ng ningning ng mga kasama at masa—ningning na mahahalaw sa mga aral ng bawat tunggalian.

# Lulan ng Eroplano

## Kwento ni Ka Malem



Bata pa lang ako, alam ko nang hindi ako nag-iisa sa paghahangad na matutupad ang mga pangarap mo kung ibubulong mo ang mga ito sa mga bituin. Hindi rin ako nag-iisa sa pag-aakalang ang mga eroplano sa kalangitan ay mga bituin din, maliwanag, nagniningning, at gumagalaw na parang bulalakaw.

Kung sana ay lulan ako ng eroplano patungo sa katuparan ng mga pangarap ko, palagi kong sinasabi sa musmos na isipan ko. At kahit pagkatapos ng mahigit dalawang dekada, masarap pa ring maniwala sa mga *shooting star*. Kahit pa ako ay isa nang Marxista, Partidista, at Hukbo, natatagpuan ko pa rin ang sarili kong nakatanaw sa kalangitan, nag-aabang sa *shooting star*, at tuwing may daraang eroplano, binubulong sa kalawakan ang mga kahilingang tiyak akong kahilingan din ng marami pang kabataan.


"Ka Malem, tulala ka na naman!"

Pare-pareho tayong nangangarap, pero kanya-kanya tayo ng landas na tinatahak para matupad ang mga ito. Marami sa mga katulad kong nanggaling sa uring petiburgesya, nakapagtapos ng pag-aaral at nakapaghanap ng istableng trabaho: abogado, inhinyero, architect, doktor, guro, negosyante, o CEO. Marami rin ang nakatagpo ng kabiyak, nagpakasal, bumuo ng pamilya, at nakapagpayaman. Mayroon ding nakapamasyal sa kung saan-saan at naranasan ang mga kalakip nitong masarap na pagkain, *world-class* na serbisyo, o walang-katulad na bakasyon. Dahil nakapagtapos ako ng kolehiyo, madaling isiping na tulad ako sa kanila. Sa katunayan, pinangarap ko ang manirahan sa Hong Kong bilang isang propesor o manunulat, mamuhay nang mag-isa, at magawa ang anumang gusto ko.



Pero bakit ko nga ba pinili ang maging Hukbo?

Lumaki akong malayo sina Mama at Papa dahil domestic helper sila sa Italy. Nagtatrabaho sa Japan si Papa nang ipanganak ako. Pagkatapos ng limang taon, lumipat siya sa Italy kung saan DH din ang ilan sa mga kapatid, pin-san, at pamangkin niya. Grade Three naman ako nang sumunod si Mama sa kanya, para maitaguyod ang pag-aaral namin ng ate ko. Kahit pa



nakakalungkot na malayo ang mga magulang namin, palagi naman silang tumatawag sa telepono, nagpapadala ng mga sulat o package na Pamasko, at ipinapaliwanag sa amin ang layunin ng pag-aabroad nila.

Karaniwan na ang pagbabago sa pakikisama ng isang nagbibinatang anak sa mga magulang niya. Dagdag na hamon ang pagkakalayo nina Mama at Papa. Kaya sa kabila ng maayos na pamumuhay, isa sa mga pasanin ko ay ang pangungulila sa kanila.

Pagtungtong ko sa kolehiyo, sumambulat sa akin ang kalawakan ng isang bagong mundo. Sa panahong ito, binuo ko ang pangarap kong manirahan sa Hong Kong bilang isang propesor o manunulat—at sa gayon, makatulong sa panustos ng pamilya at masuklian ang pangingibang-bansa nina Mama at Papa. Ngunit hindi rin nagtagal ang pangarap na ito, lalo nang makilala ko ang aktibismo.

Noong third year college na ako, panahon ng mainit na kampanya sa edukasyon, kasabay ng pagmamartir ng mga Hukbo—kabilang ang ama ng isang estudyante sa eskwelahan ko. Hindi nagtagal, inanyayahan akong sumapi sa Kabataang Makabayan. Pagkatapos ng anim na buwan, na-recruit ako bilang kandidatong kasapi ng Partido. Unti-unti, ako na ang humaharap sa mga pagtitipon sa eskwelahan man o sa mga rali sa lansangan, hanggang sa aktibismo na ang hinangad kong mapalooban ng buhay ko.

Kasabay nito, nakilala ko rin sina Mama at Papa sa mga bagong lente. Nabigyan ng saysay ang mga larawan nila noong kolehiyo—nasa rali, nasa harap ng mga karatula, istrimer, o megaphone, at tinutuligsa ang diktaduryang Marcos. Napag-alaman kong aktibista rin sila noon, nag-lielow nang maipanganak si Ate, at na-reactivate lang sa Partido noon ding panahong nauugnayan na ako sa eskwelahan ng mga kasama. Kasabay ng lumalalim na pagkilos ko sa kilusang kabataan-estudyante ay ang panunumbalik ng komitment nila sa hanay ng mga kababaihan at migrante.

Mula sa simpleng kumustahan, nahalinhinan ng mga kwento tungkol sa mga kampanyang masa ang mga usapan namin sa Facebook o Skype. Unti-unti ring nawala ang gana ko sa burges na edukasyon. Bago ang graduation, naging ganap na kasapi ako at nagpasya akong mag-full-time sa sektor ng kabataan-estudyante. Kasama ko sina Mama at Papa noon, at sinuportahan nila ang pasya ko.

Sa ika-anim na buwan ko bilang full-time na kampanyador at organisador, inihapag ko sa kolektiba ang kagustuhang mag-tour of duty sa Hukbo sa loob ng anim na buwan—nang walang pormal na paalam kina Mama, Papa, o Ate. Pagkatapos ng sampung araw sa loob ng sonang gerilya, sa pagwawakas ng pag-aaral hinggil sa Ikatlong Kilusang Pagwawasto, nagpahayag ako ng pagpu-full-time sa Hukbo.

Syempre, nahinuha na rin nina Mama at Papa ang naging pasya ko. Sa mangilan-ngilang beses na nakausap ko sila sa cellphone, o sa mga pamamagitan ni Ate sa amin, wala silang ibang sinabi kundi mag-ingat ako. Hindi nawala sa kanila ang pag-aalala at ang mga hiling na pumili na lang ako ng mas ligtas na gawain.

Noong Disyembre 2018, ika-50 anibersaryo ng Partido, nagkataon namang bakasyon nina Mama at Papa, kaya nakadalaw ako. Nahikayat ko sina Mama, Papa, at Ate na dumalo sa pagdiriwang ng anibersaryo sa loob ng sonang gerilya. "Proud kami sa pinili niyang tipo ng paglilingkod, kahit na iniwan niya ang maginhawang buhay kasama kami," sabi ni Mama sa informal program. Sa pag-alis nila, napakasaya ko dahil nakilala nila ang mga kasama at ang mundo ng Hukbo, at nagkasama-sama kaming apat sa unang pagkakataon magmula noong graduation ko—pero napakalungkot ko rin dahil alam kong matagal pa ang susunod na pagkakataon, kung mayroon man.

Sa loob ng anim na taon ko sa Hukbo, di-miminsan kung mapanghinaan ako ng loob, mapatingkad ko ang mga dati nang kahinaan—ang indibidwalismo, ang pag-iwas sa pakikitunggali sa iba man o sa sarili, ang paghahangad sa ginhawa—at mangulila ako sa pamilya. Dahil tumatanda na sina Mama at Papa, hinahangad nilang makabalik na sa Pilipinas at makapagpahinga. Kaalinsabay nito ang hangaring mailayo ako sa panganib, maihanap ako ng mas ligtas at istableng trabaho, at mabuong muli ang pamilya namin.




Sa pagwawagi ni Marcos, Jr., maraming mga pangarap ang nawasak. Tiyak na ang mga katulad nina Mama at Papa, mga kabataan noong panahon ni Marcos Sr., ay nagulumihanan. Napagtagumpayan ng henerasyon nila ang pagpapatalsik sa isang diktador, at sa gayon, nagbuo ng mga pangarap para sa isang malaya at masaganang lipunan. Pero sa pag-upo ng anak ng diktador na kriminal din katulad ng ama, tila lumabo ang pagkamit sa mga pangarap na binuo nila.


Panahon ni Marcos, Sr., nang magsimula

ang sagarang pagbebenta ng murang lakas-paggawa sa mga dayuhan. Si Marcos, Jr. naman, lumikha pa ng hiwalay na kagawaran para sa mga migrante—at sa esensya, pinagtibay pa ang sistemang naghahatak sa mga Pilipino palabas ng bansa at naghihiwalay sa mga mag-anak. Ibig sabihin, tuloy-tuloy pa rin ang pagkagahaman ng mga dati nang gahaman. Nananatili ang mga batayan para sa mga pangarap nila—at higit pa rito, sa pagkilos tungo sa pagkamit ng mga ito.

Noong sumampa ako, pangarap ko ang mawakasan ang sistemang siyang dahilan ng pagkakahiwa-hiwalay ng mga pamilya. Ngunit sa pagdaan ng panahon, natutunan kong palawakin at palalimin ang mga pangarap ko. Naipagpatuloy ko naman sa Hukbo ang pangarap kong maging guro at manunulat. Malaki ang naitulong sa akin ng gawain sa hanay ng mga kasama at ng masa para bakahin ang mga indibidwalistang tendensya at bumuo ng mga pangarap na higit pa sa pansariling kagustuhan.

Sa huli't huli, nananatili ang pangarap kong wakasan ang malakolonyal at malapyudal na sistemang nagluwal sa labor export policy, kawalan ng trabaho sa loob ng bansa, at kahirapan ng buhay. Nananatili ako sa Hukbo, tinatanaw at pinagsisikapan ang pagtupad sa pangarap na ito sa tulong ng mga kasama at ng masang itinuturing ko na ring pamilya. Hindi ko naman tinalikuran o iniwan ang pamilya ko; bagkus, lumawak lang ang matatawag kong pamilya.

Nakakatuwa man at nakakalibang ang magmasid sa mga eroplanong dumaraan sa kalangitan—at hilinging lulan nito sina Mama at Papa, hanggang sa makarating sila at muling mabuo ang aming pamilya—alam kong hindi nito lulan ang katuparan ng mga pangarap ko, o ng kahit sino. Wala sa mga bituin o sa kalangitan ang katuparan ng mga pangarap natin, kundi nasa harapan natin, sa pagkilos, sa pakikibaka kasama ang masa.



# Ang Lugar ng Babae ay sa Rebolusyon

## Kwento ni Ka Hinata


Ako si Ka Hinata, ipinanganak sa isang liblib na probinsya pero lumaki sa Maynila, 40 taong gulang, may asawa at isang anak, at ikalawa sa siyam na magkakapatid.

Iyon ay kung pagsasamahin ang naging mga anak ng aking ama at ina. Tama, may mga kapatid ako sa ama at sa ina, dahil maaga silang naghiwalay at iniwan ako at ang aking mga nakababatang kapatid. Kaya sa edad kong pito, tumayo na ako bilang ina sa kanila.


**Pangangarap sa kabila ng hirap**

Masakit man sa aking murang isipan at puso, wala kaming ibang napagpilian kundi ang maghiwa-hiwalay, dahil hindi rin naman kaya ng aming mga kamag-anak na ampunin kaming lahat sa ilalim ng iisang bubong. Bilang tumatayong magulang, ano pa ba ang magagawa ng isang pitong taong gulang na bata? Manghingi ng pagkain sa mga kapitbahay? Makihakot ng graba—piso kada lata—para makaipon ng pambili ng gatas para sa bunso naming noon ay wala pang isang taon?

Sa paghahangad kong maiangat kami sa kahirapan, marami akong naging pangarap. Pinangarap ko ang maging artista. Noong kinder ako, palagi akong nagtatanghal sa klase, kumakanta, at sumasayaw pa. Sabi ng titser ko, may talento raw ako! Ngunit higit pa rito, pinangarap kong makapagtapos ng pag-aaral, at maging isang guro o di kaya'y abogada. Pinangarap ko ring makarating sa Maynila, dahil marami sa mga kapitbahay namin ang nakapunta na roon, at tuwing fiesta, umuuwi silang gumanda na at nagkapera!



Katulad naman ng bawat bata, marami akong pangarap noon.




Paano ba matutupad ang mga iyon? Kailangang kumayod, lalupa't walang mga magulang na maaasahang umagapay sa amin. Noong grade 1 ako, tumulong ako sa pagbabantay sa palayan. Noong grade 3 naman, nagtrabaho ako para sa aming titser bilang tagakuha ng kahoy at labandera.

Sa isang pyesta, may kamag-anak akong nag-alok sa aking dadalhin niya raw ako sa Maynila at pag-aaralin. Bilang kapalit ay aalagaan ko ang aking mga pinsan at magsisilbing labandera. "Jackpot!" sabi ko sa aking sarili. Sa wakas, makakarating na ako sa Maynila, at matutupad na ang isa sa mga pangarap ko. Kaagad at walang pagdadalawang-isip, umoo ako.

**Kahirapan kahit saan**

Ang pagdating ko sa Maynila ay parehong pinakamasaya at pinakamalungkot na araw ng buhay ko: masaya dahil Maynila, sa wakas! At malungkot dahil ... Maynila, susko! Ang Maynilang akala kong tutupad sa aking mga pangarap ay siya ring bumigo sa mga ito.

Hindi pala madaling mabuhay sa Maynila. Ang binagsakan ko ay erya ng mga iskwater, pugad ng samu't saring kabulukan ng lipunan: prostitusyon, bentahan ng iligal na droga, holdapan at iba pang krimen. Ang Maynilang maliwanag, maningning, at makulay sa aking unang tingin ay kasindilim ng mga barong-barong at walang-kuryenteng tahanan ng mga maralita. Ang Maynilang inasahan kong napakalinis ay kasindumi ng mga esterong puno ng duming ipinapaanod lang ng mga taong walang CR sa tirahan. Ang Maynilang puno ng mga malaking gusali at bahay sa isipan ko ay kasing-sikip at kasinliit ng iisang kwartong nagsisilbing tulugan, kainan, at lahat-lahat na ng isang pamilya. Naging masaya man ako sa una, naging malungkot naman sa huli. Napaisip ako kung bakit ang layo ng nalalaman ko sa katotohanan.

At dahil mahirap lang din ang kamag-anak kong nagdala sa akin, kinailangan kong pumasok sa iba't ibang trabaho—katulong, car wash girl, waitress, tagapagpataya ng ending—para lang maipagpatuloy at makapagtapos ang pag-aaral sa hayskul. Bagama't nagkikita kami ng aking




ama, may iba na siyang pamilya. Ayaw niya rin naman akong pag-aralin, dahil ayon sa kanya, mag-aasawa lang din ako.

**Manggagawa, walang pagmamay-ari**

Sa huli, nakapagtrabaho ako sa loob ng isa sa mga pinakasikat na pabrika ng underwear. Pinangarap kong magtrabaho dito, dahil marami sa kapitbahay ko sa probinsya ay nagtatrabaho rito.

Dito, palagi akong napapatanong: Bakit may regular at kontraktwal? Bakit mas maliit ang sweldo ng mga kontraktwal—P187.50 kada araw noon at walang benepisyo—kahit pareho lang naman ang kanilang trabaho sa regular? Bawal ang nagkukwestyon, at bawal din ang mag-unyon, dahil matatanggal ka sa trabaho kung gagawin ang mga ito. Kaya pinilit kong itago ang mga katanungan sa isipan ko.

Sa huli, natanggal pa rin naman ako, dahil nagkasakit ako dulot ng matinding alikabok sa pabrika. Napuno ng fiber ang lahat ng daanan ng hangin patungo sa aking baga. Bagama't marami na silang kinakaltas sa sweldo ko—kabilang na ang P100 kada buwan para raw sa Medicare—kahit man lang isang paracetamol, wala akong nakuha nang magkasakit na ako.

Sa nasaksihan kong kahirapan sa loob ng pabrika, unti-unti akong namulat. Pagkatapos ng isang matinding baha, naugnayan kami ng isang grupo ng kababaihan sa aming lugar. Nakilahok ako sa mga pag-aaral kasama nila, at naunawaan ko ang kalagayan ng kababaihan sa ating lipunan. Pambahay, pangkama, pambenta sa produkto—ramdam ko ang mga ito at kitang-kita ko rin sa lugar na kinalakhan ko.

**Babae, hukbong mapagpalaya**

Nang matanggal ako sa trabaho, dumami na ang panahon ko para sa aktibismo at kalaunan, sa lihim na kilusan. Bilang kasapi ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan o MAKIBAKA, naging aktibo ako sa pag-organisa sa hanay ng kababaihan sa komunidad, mula antas-selula hanggang antas-distrito.


Naging usapin ang panggagahasa ng isang sundalong Amerikano sa isang Pinay, si "Nicole". Sa panahon naman ni Noynoy Aquino, mainit ang isyu ng demolisyon. Sa paglalim ng komitment ko sa aktibismo, lumalim din ang pag-unawa ko sa pangangailangang baguhin ang lipunan. Dito ako nagpasyang makipamuhay at buong-panahong kumilos sa kanayunan.

Marami pang kontradiksyon sa aking buhay bago ako makapagpasyang sumampa: Paano na kami ng partner ko? Kaya ko ba? Tatagal kaya ako? Nanaig pa rin ang aking pagpapasyang sumampa.

Sa aking pagsampa, natupad ko ang mga pangarap ko. Ang maging isang guro, isang rebolusyonaryong guro ng masang pinagkaitan ng karapatan sa edukasyon. Ang maging isang abogado, isang rebolusyonaryong abogadang nag-aaral ng mga batas para maipagtanggol ng masa ang kanilang karapatan sa buhay, kabuhayan, at lupang ninuno. Ang maging artista, isang artista ng bayan sa mga pulong o pagtatanghal na naglalarawan sa tunay na kalagayan at paglaban.

**Babae, hukbo ng masa**

Sa loob ng Hukbo, natagpuan ko ang isang pamilyang binubuo ng mga kasamang hindi lang sarili ang iniisip kundi ang kapakanan ng lahat. Naging anak ako ng maraming ina, naging kapatid ng maraming kabataan, naging asawa sa kasamang kapwa nakikibaka, at higit sa lahat, naging tunay na ina sa aking anak na malayo man, nspirasyon ko sa patuloy na pagkilos.



Sa loob ng Hukbo, higit sa pag-aaral sa tunay na kalagayan ng kababaihan at ng masang api, namalas ko ang pagpupunla sa isang lipunan kung saan kinikilala at itinataguyod ang karapatan at kagalingan ng mga kababaihan—bilang mga pwersa sa pakikibaka. Hindi nakasalalay sa kasarian ang pagtanggap at paggampan sa mga tungkulin ng Hukbo. Higit sa pakikipamuhay at pagkilos sa hanay ng mga pinaka-mahirap na magulang, kapatid, asawa, at anak, naunawaan kong ang lugar ng babae ay sa rebolusyon.

Sa panahon lang ng tagumpay ng rebolusyon matatamasa ang tunay na maayos na buhay para sa lahat ng mga batang nangarap, katulad ko noon, at para sa lahat ng kababaihang naghahangad ng katarungan at kalayaan.

# Maagang Namulat

## Kwento ni Ka Dong

Madalas, tuwing pupunta ang kanyang ina sa uma[1] para magtanim o ang kanyang ama sa gubat para managaso, iniiwan nila si Dong sa mga tinagurian niyang "uncle" at "auntie". Kasama niya ang mga ito buong araw, at sama-sama silang nagluluto at kumakain. Sila rin ang nagpapaligo at nag-alalaga sa kanya, at kung ano mang gawain nila sa araw na iyon ay kasama siya. Masaya siya tuwing kasama ang mga uncle at auntie na ito, lalo na kung may nakuha ang pakat nilang silo o may nahuli silang alingo[2] o ugsa[3]. Masayang alaala sa kanyang pagkabata ang mga panahong ito.

Hindi naging kataka-taka kay Dong kung bakit sila armado dahil nasanay siyang nakaarmas ang mga tao sa baryo nila bilang gamit sa pagha-*hunting* at proteksyon tuwing panahon ng tribal *war*. Malapit siya sa kanila dahil mababait ang mga ito at magiliw sa mga tulad niyang bata. Sampung taong gulang si Dong nang mapagtanto niyang hindi pala mga ordinaryong uncle at auntie ang mga taong nag-aalaga sa kanya noong siya ay musmos pa lamang. Sila ay mga NPA, Hukbong naglilingkod sa masang api't pinagsasamantalahan.

Klaro pa sa isip ni Dong ang gabing napadpad sa baryo ang mga uncle at auntie para magpaliwanag at humingi ng tulong sa kanyang mga magulang at lola. Doon niya unang narinig ang pagpapakilala ng mga ito bilang mga NPA at ang sadya nilang ipaliwanag ang mga aral mula sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at ang pagpapanibagong-hubog ng NPA. Manghang-mangha siya sa natuklasan.



---

[1] uma - kaingin

[2] alingo - baboy-ramo

[3] ugsa - usa

Matagal nang nauugnayan ng mga kasama ang pamilya ni Dong. Isa ang lola niya sa mga unang naorganisa at tumulong sa mga kasama noong nag-uumpisa pa lang lumaganap ang rebolusyon sa Kalinga. Isa rin ang pamilya nila sa magiting na tumulong sa mga kasama noong panahon ng matitinding operasyon ng kaaway mula rehimeng Cory Aquino hanggang sa rehimeng Gloria Arroyo. Naalala niya pa ang mga panahong nagpupuslit ng suplay ang kanyang mga magulang para sa mga kasama. Sa pamilya nila, isang auntie at dalawang uncle niya mismo ang nag-NPA. Myembro ng Partido ang kanyang mga magulang at limang kapatid.

Mula nang mainitindihan niya ang bigat ng responsibilidad ng mga tinagurian niyang uncle at auntie, mas lalong naging malapit si Dong sa kanila. *Kadua*[1] na ang tawag niya sa mga ito at sa ano mang paraan ay bukas siyang tumulong sa kanila. Sa panahon ding ito, mas naging lubog sa masa ang mga kasama, at naging palagian ang mga pulong at pag-aaral. Partikular na kinagigiliwan ni Dong at ng mga kababata niya ang kultural na mga presentasyon ng mga kasama. Parang isang masayang okasyon sa baryo tuwing nariyan ang mga kakadua.



Sa pag-abante ng panahon at pag-unlad ng gawain ng mga kasama, damang-dama ni Dong at mga kabaryo niya ang kawastohan ng rebolusyonaryong pagkilos. Matibay ang pagtutulungan ng masa at mga kasama. Aktibo at epektibo ang mga programang nag-angat sa pamumuhay at pagkakaisa ng mga bumaryo. Ito ang naalala ni Dong na dahilan kung bakit kahit sa murang edad ay naging aktibo siya sa paglahok sa iba't ibang porma ng rebolusyonaryong pagkilos.

---

[1] Kadua - Kasama

[2] Bannuar - Bayani

Noong una, simpleng mga gawain lang ang ambag niya, katulad ng pagbili at paghahatid ng suplay ng mga kasama, hanggang sa nakibahagi siya sa pag-aalaga ng "animal dispersal" para sa programa ng rebolusyong agraryo. Naging tagapamahagi rin siya ng mga rebolusyonaryong babasahin gaya ng Ang Bayan at Dangadang, hanggang sa naging pasabilis din siya ng mga kasama. Isa sa hindi niya malilimutang atas sa kanya ay ang pagkalap ng datos at mag-lookout para sa isang taktikal na opensiba ng mga kasama kung saan matapos maipagtagumpay ay nagtamo ng apat na killed-in-action ang kaaway.

Ngayon ay 13 taon na si Dong bilang NPA at *kadua* na ang magiliw na tawag sa kanya ng mga kasama at masa. Ang karanasan niya noong siya ay bata pa sa piling ng mga kasama at ang epekto ng rebolusyon sa pagkakaisa at pamumuhay ng masa sa baryo nila ang humimok sa kanyang mag-NPA.

Simpleng tao lamang si Ka Dong. Pangarap niyang maging karpentero o mekaniko dahil na rin sa likas niyang hilig na lumikha at mag-ayos ng mga bagay-bagay. Natupad iyon dahil ngayong NPA na siya, liban pa sa mga bagay na kanyang nalilikha at labas pa sa pagkukumpuni ng mga sirang kagamitan, hinahawan niya at ng mga kasama at masa ang daan para sa paglikha ng isang bagong lipunang walang pagsasamantala at pang-aapi. Ang likas na kakayahan at kaalaman niya bilang isang katutubong magsasaka ay ginagamit niya upang makibahagi sa produksyon habang ang kaalaman niya sa kalupaan at masa ay mahusay na iniaambag para sa pag-abante ng gawaing masa at militar ng yunit na kinapapalooban. Atleta rin si Ka Dong; wala man siya ngayon sa palaruan ng marathon at high jump, ang liksi ay ginagamit upang mas masikhay na tumugon at maglingkod sa sambayanan.

Kumusta naman ang mga kasamang auntie at uncle? Karamihan sa mga ito ay naging kasama pa ni Ka Dong noong sumampa siya. Parang reunion lalo na at may panahon ding matagal na naiwan ng mga kasama ang lugar nila. Hindi niya malilimutan ang galak ng mga ito noong nagpasya siyang sumampa, at kung paano siya ginabayan ng mga ito para sa pagpapatibay ng pasya at pagpapaunlad ng sarili bilang NPA. Sa kasalukuyan, marami sa kanila ay bannuar[2] nang nag-alay ng buhay para sa rebolusyonaryong pakikibaka. Hindi malilimutan ni Ka Dong ang pag-aaruga nila sa kanya at sa mga kababaryo niya. Nakatatak sa isip niya ang mga aral na itinuro nila na siyang inspirasyon niya upang mas magpakahusay at magpurisge na iabante ang rebolusyon hanggang sa tagumpay.

# Ang kalayaan ay hindi lang pinapangarap at ipinagdarasal

## Kwento ni Ka Rina

Ako si Ka Rina. Babae at may asawa at isang anak. Nanggaling ako sa mababang petiburgesya. Ang aking ama ay myembro ng Partido hanggang sa kasalukuyan. Ang aking ina at mga kapatid ay dati ring mga pwersa. Ang naging komitment nila ay palakihin at alagaan ang aking anak na dalaga na ngayon.

Panganay ako sa tatlong magkakapatid. Pastor ang aking ama at empleyada naman ang aking ina. Elementarya pa lang ako noong nakakakita ako ng pagtitipon sa simbahang destino ng aking ama. Kung babalikan ngayon, iyon ay paghahanda para sa isang mobilisasyon at pag- aaral. Sa mga panahon ding ito ay naging madalas ang pagkakaroon namin ng paisa-isang mga bisita na nakikituloy ng isa o dalawang gabi sa amin. Alam namin na NPA ang mga iyon kahit wala kaming nakikitang armas sa kanila. Mabait sila sa amin at nakikipagkwentuhan kahit kami ay mga bata pa. Dito rin nagsimula ang aming kamulatan na mababait pala ang mga NPA. May hindi ako makalimutang larawan ng NPA sa *Liberation* na nakahawak ng armas at nakangiti na ito ang nagbigay ng unang impresyon sa akin na kaibigan ang mga NPA at hindi kaaway.

Oo. Lumaki ako bilang anak ng pastor at naging aktibo sa simbahan. Kada Linggong simba, kada Sabadong praktis sa choir, lagi dapat nagdadasal, kailangang ikabisa ang bibliya at iba pang itinakda ng simbahan. Kahit papaano, sa simbahan ko napanday ang pusong mapagmahal sa kapwa.


Kapag nasa loob kami ng bahay, may kakaibang sermon ang aming ama. Lagi niyang sinasabi na kailangang mahalin ang mga mahihirap gaya ng mga magsasaka at mangingisda at itinanim niya sa aming isip na ang mga NPA ay may dakilang misyon na tumulong sa mga mahihirap. Minsan sa hapunan ay nabanggit ko na gusto kong maging pulis bilang tagapagtanggol ng mahihirap ngunit sinagot ako ng aming ama na mas gusto niyang mag-NPA ako. Madalas din kaming nagtitipon bilang pamilya noong bata pa ako para sa film showing at hindi ko makalimutan ang kwento ni Father Romero na isang progresibong pari ng simbahang katoliko

na pinatay ng mga reaksyonaryo sa El Salvador. Sinabi niya sa pelikulang iyon na hindi niya mapagsisilbihan ang Diyos na hindi niya nakikita kung hindi niya pagsisilbihan ang mamamayan na nakikita niya.

Hanggang sa pagdalaga ay tangan ko ang mga naitanim sa isip ko tungkol sa rebolusyon kahit hindi ko pa ito kayang ipaliwanag.

Kolehiyo na ako noong binigyan kami ng Bible in Context na mas nagturo sa akin na ang bibliya ay mga sulat ng mga *author* tungkol sa kalagayan ng lipunan sa panahon nila at hindi ito simpleng nahulog lamang mula sa langit. Sumunod ang Lipunan at Rebolusyong Pilipino (LRP) na nagbigay kaalaman sa akin sa mga batayang problema at sa rebolusyon. Kahit hindi ko pa kayang ipaliwanag noon ang Demokratikong Rebolusyong Bayan (DRB), alam ko at tiwala ako na ang rebolusyong ito ang magbibigay solusyon sa paghihirap ng sambayanan. Nasa kolehiyo na rin ako noong pumaloob ako sa isang kolektibo ng Christians for National Liberation o CNL at ang tatay ko din ang nagpasumpa sa aming magkakakolektibo bilang ND.

Nasa 3rd year college na ako noong nabalitaan ko na galing sa exposure program ang ilang pwersa ng institusyon at paaralan. Nalaman kong



nagpaiwan ang isa pero hindi ko alam ang dahilan. Parang ako na lang ang walang karanasan sa sona at zero ang kaalaman kaya sinamantala ko ang 2 buwang bakasyon para sa exposure program ko. Pagbalik ko, mayroon na rin akong maikukwento sa iba.

Napakasaya ko noong makarating ako sa sityo kung saan ay naroon ang isang yunit ng NPA! Hindi na lang picture ng kasamang nakabaril ang nakikita ko kundi buhay at gumagalaw sila at lahat ay nakangiti. Nasa loob na ako ng sonang gerilya! Kinumusta ako ng nakatatandang kasama at ang aking pamilya. Kilala nila ako! Sinabi pa ng isang kasama na ako ang dinadatnan nilang dalagita sa bahay namin. Extension pala ng bahay namin dito!

Noong unang buwan ko sa sona, palagi nila akong hinihikayat na sumampa na sa NPA at huwag na akong umuwi. Dito ko napagtanto na hindi lang exposure program ang kailangan kundi ang pagsisilbi bilang Hukbo sa buong buhay mo. Paano na ang pag-aaral ko? Paano na ang iniwan kong pamilya? Paano ang dating buhay na maiiwan ko?



Pero mas malakas ang hatak ng pagsisilbi bilang Hukbo. Sa maikling panahon ay nailapit ko ang aking sarili sa maraming magsasaka na nakontak at naorganisa ng yunit na kinapalooban ko. Ito ang pagsisilbi sa sambayanan. Kaugnayan at kapiling sila. Hindi lang sila ipinagdarasal kundi kasama sila sa buhay at kamatayang pakikibaka. Ramdam ko ang mahigpit na yakap at pagmamahal nila sa NPA. Dahil dito, nagpasya akong hindi na uuwi at sasampa na ako sa NPA.

Nalaman ng tatay ko ang aking pasya at sumulat siya sa akin, sabi niya, "Malaking karangalan sa akin na magkaroon ng anak na kagaya mo sa rebolusyon!" Karangalan ko rin ang isinulat niyang ito.

Sumampa ako noong panahong maluwag para sa gawaing masa kaya naranasan kong makipaligsahan sa dami ng maoorganisang masa at mabibigyan ng pag-aaral bawat buwan. Kasabay din nito ang paglulunsad ng mga kampanyang masa para sa pagtataas ng presyo ng mga produkto, pagpapababa sa usura at upa sa lupa, at pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang-bukid. Totoong napakasaya ang magsilbi sa ganitong kalagayan lalo na at may nakamit na mga tagumpay sa mga kampanya. Lalong humihigpit ang yakap ng mamamayan sa NPA. Naisabay din ang mga taktikal na opensiba na nagpatibay sa kapasyahan ng masa na lumaban at sumampa. Dito ko nakita at napagdugtong ang mga pag-aaral sa tatlong sangkap ng digmang bayan na hindi mapaghihiwalay.

Sa pag-unlad ng gawain sa larangang kinapalooban ko, tumindi rin ang inihambalos ng magkakasunod na rehimen na *military operations* sa lugar. Naangkupan naman namin at ng mga masa kung kayat nagpatuloy ang mga kampanya at pakikibaka ng mamamayan.

Mas mahaba na ang buhay-Hukbo ko kaysa sa buhay ko bilang sibilyan. Hindi madali ang mga binagtas kong daan dahil marami ang mga pangyayari na tuloy-tuloy na humamon sa aking kapasyahan sa pagrerebolusyon pero ito ang buhay ko. Wala ng iba pa. Sa aking pagkabata ay nahamon akong magsilbi sa mga mahihirap at nasundan ko ang tamang daan.

Sa kasalukuyan, malaki ang misyon ng rebolusyonaryong kilusan na iabante ang digma. Masaya akong kabahagi ng tungkuling ito. Ang kalayaan ay hindi lang pinapangarap at ipinagdarasal kundi inaabot ito hanggang sa huling hininga!

# Para pa rin sa Rebolusyon

## Kwento ni Ka Dean

Para parin sa rebolusyon!" Ito ang lagi kong tinatatak sa isipan ko sa ano mang sitwasyon na aking hinaharap, sa krisis man o sa panahon ng kaligayahan. Ako si Ka Dean. Isang pulang mandirigma na namumuno sa isang yunit na kumikilos sa rehiyon ng Illocos-Cordillera. Nagmula ako sa mababang-panggitnang saray ng uring magsasaka. Naabot ko ang highschool sa burges na paaralan. Tumigil ako dahil sa hirap ng buhay, ngunit naituloy ko parin ang pag-aaral sa tunay na kalagayan ng lipunan sa loob ng rebolusyonaryong paaralan.

Una akong namulat noong dumating ang mga kasama sa aming baryo. Nagpatawag sila ng "*mass meeting*" at namigay ng mga samu't saring mga pag-aaral. Binigyang diin din nila ang pagpapahalaga sa disiplina, na siyang nakaantig sa akin upang mapakilos. Ang dami kasing anti-sosyal na mga aktibidad sa lugar namin noon. Kabi-kabila ang pagnanakaw ng mga alagang hayop, pagsusugal at sobra-sobrang pag iinom ng alak. Ginusto ko pa ngang mag-army noon kasi ang akala ko ay madidisiplinahan ako rito. Yun pala kabaliktaran ang aking natunghayan. Mga mismong army pa ang nagpapasimuno ng mga anti-sosyal na gawain sa lugar namin noon! Sa aktwal ay mga NPA ang naging dahilan kung bakit nabawasan ang mga anti-sosyal na aktibidad na mga ito. Sila ang mga tunay na humahawak ng mulat na disiplina. Ito ang dahilan kung bakit sila kinikilala ng mga taong-baryo sa amin.

"Pasa bilis"o taga pasa ng impormasyon ang aking unang naging tungkulin bilang suporta sa mga kasama. Sa kalauna'y naging miyembro ng Milisyang Bayan, o MB hangang sa mapamunuuan ang isang yunit nito. Isang kumpanya ang bilang namin noon, kaya madaling maipatupad ang mga gawain, lalo sa pang militar na aspeto. Nakapagpatupad kami ng mga malalaking opensiba sa mga kaaway na naging dahilan kung bakit takot na takot na pumasok ang mga army sa lugar namin.

Hindi rin nagtagal ay sumampa ako bilang *fulltime* na hukbo. Isa ito sa mga pinapangarap ng karamihan sa aming mga kabataan noon. Biro pa nga nila na ang pagiging Milisyang Bayan ay para lamang sa mga hindi kwalipikado


MILITIA
BAYAN

maging hukbo. Nagsimula ako bilang istap sa kabuhayan hangang sa namuno na sa tim, iskwad hangang sa platun. Tulad noong ako'y MB pa, malalaki ang aming bilang kaya mabilis na naipatupad ang mga gawaing masa at gawaing militar. Sa sobrang lakas ng rebolusyonaryong pwersa noon, aakalain mo na malapit nang makamit ang tagumpay. Ngunit prumeno ito ng biglaan at kumabig paatras noong nalihis ang linya at noong humiwalay ang paksyon nila Conrado Balweg.

Mula sa daan-daang pwersa, unti-unti itong naging bilang nalang sa mga kamay. Kung gaano kadaming ginustong sumampa noong una, ganoon din kadami ang nawala noong panahon ng disoryentasyon. Kahit sino naman siguro maapektuhan ang morale sa ganitong pangyayari. Minsan naisip ko na rin na bumaba nalang noong panahong ito, ngunit nangibabaw pa rin ang aking kapasyahang manatili. "Bakit ako bababa, eh parehas lang din naman na mapagsasamantalahan ako bilang sibilyan? Bakit ko tatalikuran ang siyang natatanging sagot sa kahirapan ng sambayanan?" Ito ang aking iniisip noong panahong iyon at ito pa rin ang tinatatak ko sa isipan ko hangang ngayon.

Hindi maipagkakaila na may ganitong problema pa rin na kinakaharp ang ating kilusan ngayon. May paghina sa baseng masa, lumiliit na pwersa, humihigpit na kalagayan pang militar. Pero kung nalagpasan natin noon ang isang malaking krisis sa ating hanay, tiyak na malalagpasan at mapangingibabawan din natin ang mga suliranin na kinakaharap natin ngayon. Naniniwala akong tuluyan muling dadaluyong ang rebolusyonaryong kilusan. Basta't lagi lamang tayong manindigan para sa rebolusyon! Ito ang natutunan ko sa halos apat na dekada ko sa Hukbong Bayan. Kahit senior citizen na ako ngayon, patuloy pang lumalaban! Kaya malaking hamon ito sa mga sumusunod na henerasyon ng mga Anak ng Bayan, sa mga sangay ng Partido sa lokalidad, sa lahat ng mga organisadong masa sa mga baryo, sa mga membro ng Milisyang Bayan. Huwag mag-atubiling ialay ang buong galing at lakas para sa ating dakilang mithiin. Sagutin ang panawagan! Tuloy-tuloy na manindigan! Para sa masang api! Para sa rebolusyon!

# Muling Pagbangon

## Kwento ni Ka Ritmo

Itaas ang antas ng digmang bayan!" "Papulahin ang Ilocos-Kordilyera!" "Kubkubin ang Malacanang!" Ganito ang mga kagyat na panawagan ng rebolusyonaryong kilusan noong ako'y sumampa sa Bagong Hukbong Bayan o BHB taong 1990.

Ako nga pala si Ka Ritmo, isang kasapi ng BHB sa isang larangang gerilya dito sa rehiyong Ilocos-Kordilyera. Ako ay ika-apat sa anim na magkakapatid, at nanggaling sa pinakamahirap na saray ng uring magsasaka. Bagamat ang aming pamilya ay mayroon namang maliit na sariling lupang sakahan, hindi pa ito sapat upang punan ang pang-araw-araw naming mga pangangailangan. Hindi na ako tumapak kahit man lamang sa tarangkahan ng eskwelahan upang tumulong sa mabibigat na trabaho sa bukid, at maghanap ng iba pang maaaring pagkakakitaan. Ilang taon rin akong nagtrabaho bilang taga-tanim ng mga puno sa gubat sa ilalim ng "reforestation program" ng noo'y pangulong si Corazon Aquino. P25 ang aking arawang kita doon na makakabili na ng dalawang salop ng bigas noong panahong iyon. Ngunit sabi ng aking mga kamag-anak, paraan lamang daw ito ng gobyerno upang pagtakpan ang malawak na kahirapan at pagpapabaya nito sa mamamayan dahil sa totoo lang, napakaliit ng P25 na kita kada araw kung ikukumpara sa pataas nang pataas na presyo ng mga pangungnahing bilihin.





Bilang isang mahirap na magsasaka sa isang liblib na baryo sa

kanayunan, sanay na ako sa buhay na nakakasalamuha ang Hukbo. Marami sa aking mga kamag-anak ang naorganisa sa grupo ng mga magsasaka sa baryo na itinatayo ng Hukbo, at marami rin sa kanila ang sumampa sa Hukbo. Ang ilan pa nga ay nagmartir. Kasapi ng sangay ng Partido sa baryo ang aking nanay, at dalawa sa aking mga kapatid ang sumampa rin sa Hukbo. Kami namang mga bata sa baryo ay nabuo sa isang children's organizing group (COG) na tumutulong sa pangangalap ng suportang masa para sa Hukbo.

Tukoy na rebolusyonaryong base ang aming baryo kaya nakaranas kami ng matinding militarisasyon. Ang akala naming lahat, nang mapatalsik ang diktador na si Ferdinand Marcos Sr. noong 1986 ay tapos na ang panahon ng karahasan ng militar sa mahihirap na mamamayan katulad namin. Ngunit ito ay nagpatuloy at tumindi pa nga nang maluklok sa puwesto si Cory. Marami sa aming mga kababayan ang tinortyur at sinalvage nang walang kalaban-laban. Naisip ko noon, ano ba ang nagawa naming mga simple at mahirap magsasaka upang dahasin kami nang ganoon? Nais kong gumanti sa kanila, at ito ang dahilan kung bakit ako sumampa sa Hukbo sa murang edad.

Noong 1990 at 1991, sunod-sunod ang malalaki at matatagumpay na taktikal na opensiba laban sa kaaway. Ang buong akala nami'y tunay ngang makakamit na ang tagumpay ng digmang bayan sa susunod na dalawa o tatlong taon. Wala kaming kaalam-alam na nalilihis na pala ng landas ang rebolusyonaryong kilusan dahil sa mga rebisyunista at oportunista sa loob ng Partido. Nang dahil sa kakulangan sa pampulitikang pag-aaral, napakabilis ang pagbaba ng moral ng mga kasama sa harap ng papahigpit na kalagayan dala ng matinding militarisasyon. Kapansin-pansin rin ang malaking itinamlay ng suportang masa sa Hukbo dahil sa kapabayaan sa gawaing masa, at pagsasantabi sa mga interes at kahilingang pangkabuhayan ng masa. Ang dati'y malalaking pormasyon ng Hukbo ay mabilis na lumiit, hanggang sa dumating ang panahon na tatlo na lang kaming naiwan sa aming yunit.

Sa totoo lang, nais na rin naming umuwi sa kanya-kanyang baryo at bumalik sa buhay sibilyan. Ngunit naisip namin, hindi maaaring hindi namin makamit ang katarungan para sa aming mga kapamilya't kamag-anak na matagal na naming hinahangad. Sayang naman ang ibinuwis nilang buhay kung hindi namin ipagpapatuloy ang kanilang dakilang adhikain. Kaya sa halip na umuwi, nagtungo kami sa sentrong bayan, nag-ikot-ikot, nagbabakasakaling may makasalubong kaming kasapi ng Partido na doon kumikilos at




makatulong sa amin na makaugnay sa kabilang larangan. Siyang tunay! Hindi nagtagal ay amin silang naugnayan, at idinugtong kami sa kabilang larangan.

Tamang tama naman, ito na rin ang panahon na ibinaba sa amin ang mga dokumento ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto o IDKP, ang pagpapatibay sa mga wastong prinsipyo ng demokratikong rebolusyong bayan at paglulunsad ng matagalang digmang bayan, at ang pagtatakwil sa rebisyunismo, maka-"Kanan" at maka-"Kaliwang" oportunismo. Sunod-sunod ang mga pulong noon ng pagtatasa, paglalagom, at pagpuna at pagpuna-sa-sarili. Iginulong na rin sa wakas ang mga pampulitika at pang-ideolohiya na mga pag-aaral para sa mga kasama. Dahil nakatalaga ako noon sa gawaing paniktik ng aming yunit, inumpisahan akong turuan paano magbasa, magsulat, at magbilang. Kalaunan ay nabigyan na rin ako ng mga pag-aaral na siyang nagpaunawa na ang karahasan na aking nasaksihan sa aking kamusmusan ay dahil sa matinding tunggalian sa ating lipunan sa pagitan ng mga naghaharing-uri at mga uring pinagsasamantalahan at inaapi. Unti-unti na ring iginulong ang gawaing masa sa mga baryo. Muling binuo ang mga grupong pang-organisa, at

inilunsad ang mga kampanya at pakikibakang masa sa lupa at kabuhayan. Muling nakabangon ang aming larangan.

Ang Partido at ang Hukbo ay nagkakamali rin.  Ang kaibahan lang, ito ay mga rebolusyonaryong organisasyon na handang magpuna at magwasto upang isulong ang interes ng nakararami. Nang dahil sa mapagkumbabang pagpuna sa mga pagkakamali at muling pagtangan sa mga wastong linya, muling nakabangon ang rebolusyonaryong kilusan at hanggang sa ngayon ay patuloy na nagkakamit ng mga tagumpay sa buong bansa. 31 taon na ako sa loob ng Hukbo sa ngayon, patuloy na naghahanap ng katarungan para sa aking mga kababayan. Pero sa ngayon, aking nauunawaan na makakamit lang ito sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan, at sa pag-tatayo ng isang lipunang walang pagsasamantala at pang-aapi.



# Hindi hadlang ang taon at pagiging ina

## Kwento ni Ka Flora

Pagkaraang dumaan sa proseso ng IDKP, bilang partidista ay nakumbinsi ako na kung totoong naniniwala ako sa pambansa demokratikong rebolusyon at mithiing ipagwagi ito, dapat kong tanganan ang armadong rebolusyon. Kaya mahigit 30 taon na ako noong sumampa sa NPA, lagpas na sa kabataan at may mga anak na. Hindi naging hadlang ang taon at pagiging ina sa pagsampa.




Isang nagtulak din ang pagiging biktima ng gawa-gawang kaso ng estado sa aming mag-asawa. Hindi namin gustong sumurender sa kaaway o pumaloob sa hurisdiksyon ng reaksyonaryong korte. Alam namin na walang makakamit na hustisya sa hudikaturang siya ring nagbigay ng warrant of arrest batay sa gawa-gawang kaso.

Habilin ng tatay ko noong nagpaalam ako na ako ay sasampa na, "Anak, kung papasok ka dyan, *no turning back*." Nagpasalamat ako sa kanya dahil hindi man siya mulat, sa aktwal ay reaksyunaryo pa nga, pero sinuportahan niya ang aking kapasyahan. Namalas at naranasan naman din niya ang kabulukan ng Diktadurang US-Marcos at ang

lansakang korapsyon nito sa kayamanan ng bansa. Pinanghawakan ko ang kanyang habilin sa loob ng mahigit 2 dekada na ng buhay at kamatayang pakikibaka.

Ang sabi nila mapapadali ang kamatayan kapag sumampa ka. Iyon din ang iniisip ko noong nag-asawa at nagkaanak na ako. Totoong naroon palagi ang peligro dahil sa mga operasyon ng kaaway. Pero nauna pang namatay ang ilang kamag-anak at kaibigan ko sa labas sa ibat' ibang sanhi.

Masaya, makulay at makabuluhan ang naging buhay at pagkilos ko sa loob ng Partido at Hukbo. Malawak ang napuntahang mga lugar, magagandang tanawin sa kalikasan ang namalas ng libre. Ilang libong mga masa ang nakilala, nakakwentuhan, nakapag-aralan at nakasama sa pagbubuo ng base, sa agraryong pakikibaka nila at sa armadong paglaban. Ilang libo ring mga kasamang hukbo ang nakasama 24/7 sa mga yunit at mga larangang napuntahan. Kabahagi, kasuporta, kamag-aral at katrabaho sila sa araw-araw na buhay at pagtupad sa mga tungkulin at gawain. Sa mga labanan, tagumpay man o maging sa mga kabiguan hanggang kamatayan



ay nag-aalalayan. Saludo ako sa lahat ng masa at mga kasamang aktibista, hukbo at partidista na nagbigay ng kanilang buong panahon, rekurso, lakas, talino at tapang na harapin ang kaaway para isulong ang rebolusyon.

Masalimuot maging inang Hukbo na hiwalay sa mga musmos pang mga anak. Namimiss ko sila palagi kaya maliban sa tawag ay sinusulatan sila, ginagawan ng tula at maikling kwento, pinapadalhan ng inukit na *pendants*, *beads* na porselas at kwintas, pinatuyong bulaklak o dahon, at recorded kong mga rebolusyonaryong awitin.

Pasalamat ako sa mga nag-alaga, sumubaybay at sumuporta sa pagpapalaki sa mga bata. Kung wala sila ay hindi ako panatag sa aking pagkilos. Kinakapos man ay nairaraos din ang kanilang simpleng pamumuhay, kalusugan at edukasyon. Muntik nga akong mag-part time na lang noon pero sa tulong ng Partido at ng malawak na network ng kilusan, kapamilya at mga kaibigan ay naitaguyod naman ang kanilang pangangailangan. Totoo, kapit lang sa P!


Noong maliliit pa sila ay gusto nilang kapiling ako sa bahay. O mag-*early retirement* pag-abot ko ng 45 gulang. Kaya sinikap naming mag-asawa na mamulat at maorganisa ang mga anak. Sa tuwing dadalaw kami ay tinuturuan ko sila ng mga rebolusyonaryong kanta, kinukwentuhan ng mga karanasan, pinapanood ng mga progresibong mga *videos* at *documentaries,* nagtatalakayan sa mga isyu. Pinadalaw sila sa sona kahit mga bata pa at binigyan ng pag-aaral ng mga kasama. Pinadalo sila sa ilang selebrasyon ng anibersaryo ng Partido sa loob ng sona. At pinaugnayan sa mga kasamang kumikilos sa kung nasaan ang mga bata.

Panapanahong nagsusulatan para sa *updating* at pagpapaabot ng pagpapahalaga sa bawat isa. Sa isa nilang sulat sa panahon ng Rehimeng Duterte kung saan ay nangreredtag, iligal na nanghuhuli, EJK at nangdudukot, paabot nila, "kung noong bata kami ay gusto ka naming bumaba ka, ngayon ay sasabihin naming dyan ka lang, mas *safe* ka dyan at may laban. " O di ba ang saya? Proud mama 'to!

Ang pangarap at pamana ko para sa kanila at sa susunod na henerasyon ay ang sosyalistang lipunan. Tanggap ko na na posibleng hindi sa aking henerasyon o *lifespan* ang pagtatagumpay ng rebolusyon. Pero tiwala ako na ipagpapatuloy ito ng aking mga anak at ng libu-libo pang anak ng bayan. Ang mga kabataang katulad nila ang susunod na tagapagtaguyod ng rebolusyon at magtatamasa sa sosyalismo.

# Mabuting Halimbawa

## Kwento ni Ka Bombo[†]



Masipag, malikhain, matiyaga—ganyan kung isalarawan ng lahat si Ka Bombo, isang mabuting kasama!

Si Ka Bombo ay isang Pulang mandirigma mula sa Cordillera. Siya ay nagmula sa mababang-panggitnang saray ng uring magsasaka. Hindi niya alam ang kanyang edad o araw ng kapanganakan, ngunit tiyak ang mga kasamang isa siya sa mga pinakamatagal nang kumikilos na Hukbo sa erya ng yunit na kinapapalooban niya.

**Maagang pagkamulat**

Sa murang edad pa lamang, nakaranas na ng pang-aabuso ng mga militar si Ka Bombo. Noong panahon ng Martial Law, pinarusahan ng mga Hukbo ang isang mapang-abusong elemento ng CAFGU. Binaling ng mga pasistang CAFGU at militar ang kanilang galit sa mga taumbaryo, at kasama si Ka Bombo sa mga nabiktima rito. Siya ay hinuli, binugbog, at tinutukan ng baril. Mula rito, pinagpasyahan niyang sumapi sa NPA upang maprotektahan ang sarili. Dahil malayo ang kinalalagyan ng mga Hukbo, siya na mismo ang naghanap sa kanila hangang sa marating niya ang kasalukuyang ginagalawang erya ng mga kasama.

Malayo sa sentro ang baryong pinanggalingan ni Ka Bombo, kaya walang pampublikong serbisyong nakakapasok dito. Sa piling ng mga kasamang Hukbo na lamang niya naaral ang tunay na kalagayan ng ating bansa—bagay na lalong nagpatatag sa paninindigan niyang magpatuloy bilang full-time na Hukbo.

**Tunay, nakakamangha, natatangi**

Dahil sanay sa mga mabibigat na trabaho, tunay ang unang pagsasalarawan sa kanya bilang masipag. Kahit may katandaan na, wala pa rin siyang inaatrasang atas.

Gawaing teknikal man iyan, produksyon, o paghakot ng suplay, aktibo siyang nakikilahok.

Nakakamangha rin ang kanyang kakayahan sa paglikha ng mga yaring-kamay na produkto: paghahabi, paggawa ng sandok at kubyertos, paggawa ng lagayan ng itak, pagtahi ng bag at pouch na gawa sa sako, at iba pang pagpapamalas ng kanyang pagiging malikhain. Isang di-maitatangging katangian din niya ang hilig sa musika at pagkanta. Halos lahat yata ng kanta sa mga Dangadang songbook, kabisado niya!



Higit sa lahat, natatangi ang kanyang buong pagpapasya na manatili sa pagiging full-time na Hukbo kahit ano mang hirap ang maranasan. Kahit usapin ng pagdalaw sa kanyang pamilya, matiyaga si Ka Bombo. Kinaya niya ang pangungulula, kahit sa matagal na panahon ay hindi niya nakita ang kanyang mga kapatid. "Tuloy-tuloy pa rin sa pagrerebolusyon. Hindi rason ang mga ito para tumigil", palagi niyang sinasabi.

Natatanging halimbawa si Ka Bombo para sa lahat ng mga kasama. Patunay lamang itong dahil sa tuloy-tuloy at lumalalang krisis sa lipunan at dahil sa pagiging ganid at pasista ng mga naghaharing uri, natutulak ang mamamayang lumahok sa rebolusyon. Dito napapanday ng bawat isa ang kanilang kakayahan at talento para makaambag sa pagkamit ng isang malayang lipunan. Dito napapatatag ang kanilang paninindigan upang manatili at ipagpatuloy ang laban, ano pa mang hirap at sakripisyo ang makaharap.



† Si Ka Bombo o Baliwag Boccol ay nagmartir na noong Mayo 3, 2023 sa isang labanan sa Sitio Angod, Brgy. Poswoy, Balbalan, Kalinga.


# Ang pagpapanibagong -hubog ay habambuhay

## Kwento ni Ka indo

Saklaw ng sonang gerilya ang lugar kung saan ako lumaki. Mula pagkabata at hanggang magbinata, nababalitaan ko ang pagdating ng mga NPA sa aming baryo. Nababalitaan kong marami sa aming kababaryo ang dumadalo sa mga pulong, pag-aaral at maging serbisyong pang medikal na inilulunsad sa lugar namin. Nababalitaan ko ring tumutulong sila sa mga gawaing bukid. Nababalitaan ko rin na ayaw ng mga NPA sa mga magnanakaw at mga kriminal at pinaparusahan nila ang mga may mabibigat na kasalanan sa taumbayan.

Malamang ay nagtataka ka na kung bakit nababalitaan ko lang ang mga ito at hindi ako naging bahagi sa mga iyon.

Sa kabila kasi nito, impluwensiyado ng mga naghaharing *warlords* ang aming lugar. Talamak ang marahas na sagupaan sa pagitan ng mga naghaharing uri sa probinsiya at tumatagos hanggang sa barangay. Kailangan nilang magparami ng mga babayaring goons at private army upang manalo at manatili sa burukrasya. Dahil sa marumi at marahas na bitak sa pulitika sa pagitan ng mga *warlords*, nasisira ang pagkakaisa ng mamamayan. Ang mga *goons* ay siyang nagpapatayan para sa kanilang amo.




Naging isa ako sa mga babayaring *goons*. Ang mahalaga, nababayaran ako ng tama ng aking amo upang may panustos sa mga gusto kong bilhin gaya ng pagkain at gamit. Ang aking puhunan ay ang aking tapang at kahandaang gawin ang nararapat para sa gawaing ito. Ang aming pamilya ay mahirap na mga magsasaka at

kailangang kumayod ako para sa dagdag na kabuhayan. Pangarap kong mabigyan ang aming pamilya ng mas maalwan na pamumuhay at iahon sila mula sa kahirapan. Kahit man lamang makabili ng karne at bangus na paborito namin para sa hapag kainan.

Marahil ay naintindihan mo na. Kapag nababalitaan ko ang pagpunta ng NPA sa amin, natural na umiwas ako. Alam ko rin naman na hindi nila ako gusto dahil sa pinili kong trabaho.

Sadyang magkabilaan ang mundo dahil tayo bilang tao ay mayroon ding kabutihan kahit gaano man tayo kasama. Nakonsensiya ako minsan sa ginawa naming pagnanakaw, na bilin ng aming amo, sa mismo kong kamag - anak kaya ko inamin sa kanya ang aming ginawa. Nalaman din ito ng mga NPA na sumasaklaw sa aming lugar. Nagalit sa akin ang aking amo kaya ako ay nagtago. Isang aktibistang masa ang aking kamag- anak na aming ninakawan kaya siya ang gumawa ng paraan upang ako ay mailapit sa mga NPA at humingi ng pagpapatawad. Sinamahan din ako ng iba pa naming kalugaran bilang pagpapanatag sa akin na hindi ako sasaktan ng mga NPA. Sa mga panahong ito ay kinailangan ko munang sumilong sa kilusang ito upang ako ay maprotektahan. Pero bago pa ang aming pag- uusap, inisip ko na makikipagpatayan ako sa mga NPA kapag ako ay balak nilang patayin. Ngunit sa tulong ng mga matatanda nairaos namin ang pag-uusap. Hindi naman pala ako papatayin! Kinausap lamang ako



upang itigil na ang aking mga ginagawa. Mahusay silang magpaliwanag at mukha silang mga mabubuting tao. Binigyan nila ako ng pagkakataong magbagong-buhay. Mayroon silang itinakdang mga kondisyon na kailangan kong gawin. Sinunod ko ang mga ito dahil gusto kong sumama sa kanila hindi pa dahil ako ay namulat kundi gusto kong magpakanlong muna sa grupong iyon para makaiwas sa mga dati kong kasamahan. Pagkatapos ng tatlong buwan ay isinama ako ng mga kasama sa kanilang hakbang pamamarusa sa pinakapusakal na kriminal sa aming lugar. Tagumpay itong naipatupad ngunit ako ay nalantad na kasama sa pamamarusa kaya dito na ako kinupkop ng mga kasama pansamantala hanggang sa nagdesisyon na akong manatili sa NPA. Dito na unti-unting nagbago ang buhay ko at pati pananaw sa buhay.


Hindi naging madali para sa akin at para sa mga kasama ang mga unang taon ko bilang hukbo. May isang panahong nagdesisyon na ang yunit na pauwiin ako. Marami akong dala-dalang mga baluktot at bulok na kaisipan na kailangang iwaksi at mga aktitud na dapat hubugin. Madalas ang pakikitunggali ko sa mga kasama na humahantong sa bugbugan o pagtutok ng baril. Nangingibabaw palagi ang pagiging mainitin ang ulo at ang kagustuhang mang pisikal sa mga kasama. Ngunit lagi't lagi rin ang edukasyon sa akin. Sa mga punahan ay laging ipinapaalala ang tamang rebolusyonaryong aktitud sa relasyon sa mga kasama. Si Ka Alab na isang namumuno at pinakamatanda sa amin ang tumutok para sa aking pagpapanibagong hubog. Naniniwala siya na ang isang kagaya ko ay kakayanin pang magbago. Itinanim niya sa isip ko na ang aking kinaroroonan ay hindi na digmaan ng mga *goons* at pulitiko kundi ito ay digmang bayan laban sa mga nang-aapi. Bilang hukbo ng mamamayan ay kailangan ang mataas na pagmamalasakit sa kapwa mandirigma at sa masa kaya hindi ko kailangang manakit sa mga kasama at itutok ko ang tapang na ito sa totoong kaaway ng mamamayan. Nagmartir si Ka Alab sa isang labanan na labis ko ring ikinalungkot pero nag iwan siya ng inspirasyon at habambuhay na gabay sa akin.


Kasabay nito, naramdaman ko ang mahigpit na pagkakaisa ng masa at hukbo. Dahil sa pakikibahagi ko sa gawaing masa sa kapwa ko magsasaka, naramdaman ko ang init ng pagtanggap ng mga taong api at pinagsasamantalahan sa rebolusyong ito. Naintindihan ko na ang digmang bayan ang tangi nilang pag-asa upang makaahon sa kahirapan na idinulot ng mga mapagsamantalang uri. Unti-unting naantig ang aking puso. Hindi

madali ang pagpapanibagong- hubog ng mga kagaya ko pero nakayanan kong umigpaw. Nakita ko na ang aking pangarap na mabigyan ng maalwan na pamumuhay ang aking pamilya at ng susunod na henerasyon ay makakamit lamang sa tagumpay ng rebolusyon. Naniniwala din ako na dito mapapawi ang lahat ng kabulukan sa lipunan na lumalason sa kaisipan mg mamamayan.

Sa unti-unting paglakas ng rebolusyonaryong kilusan sa aming lugar, unti-unti ding napahina at nawatak ang mga armadong grupong mga tulisan at kriminal. Naparusahan ang ilan sa naging pangunahihg utak ng mga patayan at krimen. Humingi naman ng patawad ang iba sa reolusyonaryong kilusan at sa mamamayan at sinikap ding magbagong-buhay at sumuporta sa rebolusyon.

Mahigit dalawang dekada na ako bilang NPA. Batid ko naman na ang pagpapanibagong-hubog ay habambuhay kaya tuloy-tuloy kong pinagbabantayan ang mga maling tendensya ko. Pero ang nakaraan ko ay bahagi na lamang ng kasaysayan na sana ay maging aral din sa lahat ng mga kasama at masa. Sa kasalukuyan, masaya at inspirado pa rin ako na nagiging bahagi ako ng pagbabago sa bulok na lipunang ito.




FREE EDUC NOW CAMPAIGN
SUMMING UP (ICR)
Mga Punto:
Rekom:
#MAGHIMAGSIK55